

## **Antispasmodics at Antiemetics**

### **Paghilab ng Bituka at pagsusuka**

Ang paghilab ng bituka ay ang hindi makontrol na pag-urong ng mga kalamnan ng malaki at maliit na bituka. Maaari rin itong may kasamang pamamaga, paghilab ng tiyan, pagtatae o pagtigas ng dumi. Ang pagsuka o masusuka (kilala din bilang emesis) ay pinipilit ang laman ng tiyan paakyat sa lalamunan at palabas sa bibig.

Pareho silang hindi sakit subalit pinakakaraniwang sintomas ng karamihang pinagbabatayang medikal na kondisyon. Ang paghilab ng bituka ay karaniwang lumilitaw sa irritable bowel syndrome, gastroenteritis, allergy sa pagkain at emosyonal na stress. Ang pagsusuka ay isa sa karaniwang sintomas ng gastroenteritis, pagsusuka sa umaga sa yugto ng maagang pagbubuntis, pagkalason sa pagkain, pagkahilo sa paglalakbay, matinding sakit, migraine, vertigo, at isa sa pinaka masamang epekto ng chemotherapy o anaesthesia. Ang matinding pagsusuka ay maaaring mauwi sa pagkaubos ng likido sa katawan at electrolyte imbalance.

### **Lunas**

Ang pangunahing lunas sa parehong intestinal spasm at pagsusuka ay ang hanapin ang pagbabatayang dahilan at kumuha ng tamang lunas sa ilalim ng medikal na superbisyon. Kapag ang sintomas ay nagpatuloy kahit pa ang pinagbabatayang dahilan ay nagamot na, ang antispasmodic na gamot o antiemetic na gamot (pidoras kontra sa sakit) ay maaaring ikonsidera upang mapagaan ang intestinal spasm o mapaginhawa ang pagsusuka. Bukod pa, ang antiemetic na gamot ay maaaring gamitin upang maiwasan ang pagsusuka sa mga pagkakataong inaasahan, tulad ng pagkahilo sa paglalakbay, pagsusuka sa umaga, chemotherapy o operasyon.

### **Antispasmodics**

Ang antispasmodics ay nagpapahinga sa makinis na kalamnan, kayat napapaginhawa ang spasmodic pain. Sila ay nauuri sa dalawang pangunahing klase: pamamahinga ng makinis na kalamnan tulad ng alverine at mebeverine, at anticholinergics tulad ng

hyoscine.

Karamihan sa mga antispasmodics ay maaraing mga gamot na makikita sa botika lamang o iniresetang gamot. Maaari silang makuha sa maraming porma ng dosis tulad ng tableta, kapsula, syrups, injections at tinatapal.

### Karaniwang epekto at pag iingat sa antispasmodics

Uri ng antispasmodics	Karaniwang epekto	Pag iingat
1. pagpapahinga sa makinis na kalamnan	<ul style="list-style-type: none"><li>♦ Pagduduwal</li><li>♦ Dyspnoea</li><li>♦ Sakit ng ulo</li><li>♦ Pagkahilo</li><li>♦ Pruritus at mga pantal</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>♦ Hindi dapat ibigay sa mga pasyenteng may paralytic ileus</li></ul>
2. Anticholinergics	<ul style="list-style-type: none"><li>♦ Pagka antok</li><li>♦ Pagtigas ng dumi</li><li>♦ Mabilis/ at irregular na pintig ng puso</li><li>♦ Madalas na pag-ihi at pamamalagi</li><li>♦ Panglalabo ng paningin</li><li>♦ Tuyong bibig</li><li>♦ pamumula</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga bata at matatanda</li><li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may gastro-oesophageal reflux disease, malalang myocardial infraction, mataas na presyon, hyperthyroidism, at mga madaling kapitan ng angle-closure glaucoma</li><li>♦ Hindi dapat ibigay sa mga pasyenteng may myasthenia gravis, pyloric stenosis, paralytic ileus at paglaki ng prostate</li></ul>

### Pangkalahatang payo sa pag-inom ng antispasmodics

- Ang antispasmodics ay ginagamit lamang para sa pagpapaghawa ng sintomas sa halip na permanenting lunas, kaya't ang labis na paggamit ng gamot ay dapat iwasan.
- Dahil sa ang antispasmodics ay nakakapigil ng sintomas at nahaharang ang paghahanap ng pagbabatayang sakit, hindi sila dapat inumin ng walang medikal na konsultasyon. Ang pagpapaliban sa pinagbabatayang sakit ay maaaring mag resulta sa isang malubhang kahihinatnan.
- Ipinapayong inumin ang antispasmodics 30 minuto hanggang isang oras bago kumain o ayon sa tagubilin ng doktor.

## Antiemetics

Ang antiemetics ay kumikilos sa pamamagitan ng pagpipigil sa receptor sites na may kaugnayan sa emesis. Mayroong iba't ibang pagpipilian subalit ang kasama sa mga karaniwang ginagamit na antiemetics ang antihistamines (hal. Promethazine at dimenhydrinate), anticholinergics (hal. hyoscine), phenothiazines (hal. prochlorperazine), dopamine antagonists (hal. metoclopramide at domperidone), at 5HT<sub>3</sub>- receptor antagonists (hal. ondansetron at granisetron). Ang pagpili ng antiemetics ay depende sa pangunahing sanhi ng pagsusuka. Halimbawa, hyoscine at antihistamines ay ang pangunahing gamot na ginagamit upang maiwasan ang pagkahilo sa paglalakbay samantalang 5HT<sub>3</sub>- receptor antagonists ay mahalaga sa pamamahala sa pagsusuka sa mga pasyenteng tumatanggap ng chemotherapy at pagsusuka pagkatapos ng operasyon.

Karamihan sa karaniwang ginagamit na antiemetics ay mga gamot na makikita sa botika lamang o iniresetang gamot. Maaari silang mabili sa porma ng tableta, kapsula, syrup, injections, suppositories at tinatapal. Dapat magpa konsulta sa propesyunal na tagapangalaga ng kalusugan bago uminom ng antiemetic na gamot.

## Karaniwang epekto at pag-iingat sa antiemetics

Uri ng antiemetics	Karaniwang epekto	Pag-iingat
1. Anticholinergics	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Pagka antok</li> <li>♦ Pagtigas ng dumi</li> <li>♦ Mabilis/ irregular na pintig ng puso</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Gamitin ng may pagiingat sa mga bata at matatanda</li> <li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may</li> </ul>

	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Pagpipilit sa pag ihi at pagpapanatili nito</li> <li>♦ Panlalabo ng paningin</li> <li>♦ Panunuyo ng bibig</li> <li>♦ pamumula</li> </ul>	<p>sakit na gastro-oesophageal reflux, malalang myocardial infraction, mataas na presyon, hyperthyroidism, at sa mga madaling kapitan ng angle- closure glaucoma</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Hindi maaaring ibigay sa mga pasyenteng may myasthenia gravis, pyloric stenosis, paralytic ileus at paglaki ng prostate.</li> </ul>
2. Antihistamines	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Pagka antok</li> <li>♦ Sakit ng ulo</li> <li>♦ Panunuyo ng bibig</li> <li>♦ Panlalabo ng paningin</li> <li>♦ Pagtigas ng dumi</li> <li>♦ Pagpipilit sa pagihi at pagpapanatili nito</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga bata at matatanda</li> <li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may lumalaking prostate, pananatili ng ihi, at sa mga madaling kapitan ng angle-closure glaucoma</li> </ul>
3. Phenothiazines	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Abnormal na mukha at paggalaw ng katawan</li> <li>♦ Ritmo, hindi sinasadyang paggalaw ng dila, mukha at panga</li> <li>♦ Panginginig</li> <li>♦ Hindi mapakali</li> <li>♦ Biglang pagtahimik</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Gamitin ng may pagiingat sa mga bata at matatanda</li> <li>♦ Gamitin ng may pagiingat sa mga pasyenteng may sakit sa puso, Parkinson's disease, epilepsy, depresyon, myasthenia gravis, paglaki ng prostate, at sa mga madaling kapitan ng angle-closure glaucoma</li> <li>♦ Hindi dapat ibigay sa mga pasyenteng may depresyon sa central</li> </ul>

		nervous system at pheochromocytoma
4. Dopamine antagonists	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Abnormal na mukha at paggalaw ng katawan</li> <li>♦ Pagka antok</li> <li>♦ hyperprolactinaemia</li> </ul>	<p><b><i>Para sa metoclopramide</i></b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga bata, mga kabataan at matatanda</li> <li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may mataas na presyon ng dugo, pagkagulo ng cardiac conduction at epilepsy</li> <li>♦ Hindi maaaring ibigay sa mga pasyenteng may gastro intestinal obstruction, perforation o haemorrhage at pheochromocytoma</li> </ul> <p><b><i>Para sa domperidone</i></b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga bata</li> <li>♦ Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may prolactinoma</li> </ul>
5. 5HT <sub>3</sub> - receptor antagonists	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Pagtigas ng dumi</li> <li>♦ Sakit ng ulo</li> <li>♦ Pamumula</li> <li>♦ Reaksyon sa lugar na may injection</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Gamitin ng may pag iingat sa mga pasyenteng may subacute intestinal obstruction o mga madaling kapitan ng QT-interval prolongation</li> <li>♦ Hindi maaaring gamitin sa mga pasyenteng may congenital long QT syndrome</li> </ul>

		<ul style="list-style-type: none"> <li>♦ Kaso ng mga nakamamatay na serotonin syndrome ay mga naiulat na may 5-HT<sub>3</sub> receptor antagonist antiemetics, partikular na kapag ibinigay ng may kombinasyon ng ibang serotonergic at/o neuroleptic na gamot. Ang lunas ay dapat itigil kung ang mga pangyayari ay lumitaw at suportadong sintomas na lunas ay dapat na mapasimulan</li> </ul>
--	--	--

### **Pangkalahatang payo sa pag inom ng antiemetics**

- Ang antiemetics ay pangunahing ginagamit para sa pagginhawa ng sintomas kaysa sa permananteng lunas, kaya't ang labis na paggamit ng gamot ay dapat iwasan.
- Dahil ang antiemetics ay maaaring makapigil sa sintomas at maharang ang paghanap ng pagbabatayang sakit, hindi sila dapat iniinom ng walang medikal na konsultasyon. Ang pagkaantala sa paglunas ng pinagbabatayang sakit ay maaaring mauwi sa malubhang kahihinatnan.
- Huwag magmaneho o magpatakbo ng makinarya pagkatapos uminom ng antiemetics, dahil karamihan sa kanila ay nagdudulot ng pagka antok.
- Ang antiemetics ay hindi dapat inumin ng may alkohol, dahil karamihan sa kanila ay may epekto ng pagpigil sa central nervous system at ang alkohol ay maaaring makapag palakas kaya't maaaring makapagdulot ng masamang epekto.
- Iwasan ang solidong pagkain sa loob ng ilang oras pagkatapos sumuka, at dalasan ang pagpapahinga, palaging uminom ng maliliit na higop ng likido upang maiwasan ang pagkatuyo ng tubig sa katawan
- Iwasan ang matapang na amoy at iba pang magdudulot nito tulad ng apoy at kumikislap na ilaw, na nakakatulong upang mapagaan ang pagsusuka.

## **Pakikipag usap sa inyong Doktor**

- Humanap ng medikal na payo bago uminom ng antispasmodics at antiemetics, lalo na kung kayo ay buntis o nagpapa suso.
- Huwag ibigay ang antispasmodics at antiemetics sa mga bata o matatanda ng walang payong medikal, dahil sa mas maagap sila sa mga masamang epekto ng gamot.
- Kumonsulta sa inyong doktor kung ang pagsusuka ay sanhi ng gamot na iniinom at huwag tumigil sa pag-inom ng gamot ayon sa sarili lamang.
- Kung ang inyong suka ay kulay berde o may dugo, maaaring kumonsulta kaagad ng medikal na payo.
- Humanap ng agarang medikal na atensyon kung ang pagsusuka ay tatagal ng mahigit 24 oras, o may kasamang matinding pananakit ng tiyan o sakit ng ulo, o hindi mapanatili ang likido sa mahigit na 12 oras.

## **Pagiimbak ng antispasmodics at antiemetics**

Ang antispasmodics at antiemetics ay dapat itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat itago sa refrigerator. Gayundin, ang gamot ay dapat itago ng maayos sa lugar na hindi maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng paglunok nito.

***Pagkilala: Ang tanggapan ng Droga ay gustong pasalamatan ang Propesyunal na kaunlaran at Tiyak na Kalidad (PD&QA) para sa kanilang mahalagang kontribusyon sa paghahanda ng artikulong ito.***

Tanggapan ng Droga

Kagawaran ng kalusugan

Enero 2021